# MCCT Family Camp: Pagpapatibay ng samahan ng pamilya ginanap sa Nueva Ecija

“Nakita ko po ang pagmamahal sa amin ng D’yos. Nagpapasalamat po ako sa pagtit’yaga n’yo sa amin. Mapalad po kaming kayo ang ibinigay ng D’yos sa amin,” ito ang isa sa ‘di malilimutang testimonya ni Nanay Mylene, benepisyaryo ng Modified Conditional Cash Transfer (MCCT) sa kakatapos lamang na 3-day Family Camp para sa mga katutubong Igorot na mula sa bayan ng Carangglan.

Ang naturang Family Camp, na ginanap sa Cabanatuan City, Nueva Ecija, ay dinaluhan ng mahigit kumulang 200 na benepisyaryo ng MCCT. Ito ay naglalayong palakasin at pagyabungin ang pisikal, mental, emosyonal, sosyal, at ispiritwal na antas ng mga benepisyaryo ng nasabing programa sa pamamagitan ng team building, sport fest, at ilang sesyon ng pag–aral tungkol sa kahalagahan ng katawan, pagkatao, pamilya, at pagsusumikap sa buhay.

“Ito ay isang experience na hindi namin malilimutan, lalo na ng mga bata. Nakita ko sa mga mata nila ang joy. Ang dami naming baong bagong experience at aral,” ganito ilarawan ni Nanay Aida Orbano ang naging bunga, ng produktibo, aniya, na Family Camp.

Isa sa mga naging highlights ng naturang serye ng mga aktibidad ay ang Renewal of Vows ng MCCT couples, na pinangunahan naman ng Civil Society Organization (CSO) partner na si Pastor Honesto Fortes. “Sa tulad kong minsan lang sa dalawang buwan makauwi, napakalaking oportunidad nito para sa amin bilang mag-asawa at bilang isang pamilya,” bahagi ni

Tatay Lope Bacomo. Pinangalawahan naman ito ng pahayag ng galak ni Nanay Leann Caser na nagsabing, “Masaya. Hindi man namin naisip na maikakasal kami ulit. Dati sa munisipyo lang kami kinasal. Walang seremonya.”

Nagkaroon din ng disaster preparedness and mitigation discussion and interaction na pinangunahan naman ng team ni G. Ricky Ventura, Chief Operations Officer I ng Local Government Unit (LGU) ng Cabanatuan City. Binigyang diin nila ang mga kahandaan bago, habang, at pagkatapos ng mga kalamidad tulad ng lindol, bagyo, sunog, at landslide na karaniwang nararanasan sa bayan ng Carranglan. “Natutunan naming mag-asawa kung pa’no mas mainam na alagaan ang aming mga anak. Mas naging handa rin kami, bilang isang pamilya, sa mga nakaambang disaster. Salamat sa MCCT family camp,” masayang pagmamalaki ni Tatay Johnny Habiling.

“Ang MCCT Family Camp na ito ay idinisenyo partikular para sa ating mga IP (Indigenous People) families, upang sila ay mabigyan ng pagkakataon para makapaglibang, makapagsaya, na may kaakibat namang pagpapatibay ng kanilang pagsasamahan bilang isang pamilya,” paliwanag ni Ms. Rhea Lynn Cabiling, MCCT Focal Person ng DSWD-4Ps sa Gitnang Luzon. ### (Andyleen C. Feje)